Australian Government
Services Australia

Impormasyon tungkol sa COVID-19 Disaster Payment

Ito ay isang minsanang kabayaran para sa mga taong karapat-dapat na nawalan ng trabaho at kita dahil sa kautusan sa pampublikong kalusugan ng isang estado o teritoryo dahil sa COVID-19. Maaaring kasama rito ang lockdown, hotspot o mga paghihigpit sa paggalaw.

Ang COVID-19 Disaster Payment ay hindi binabayaran ng buwis.

Maaari kang makakuha ng COVID-19 Disaster Payment (Kabayaran sa Kapahamakang COVID-19) kung natutugunan mo ang lahat ng mga pangkalahatang patakaran sa pagiging karapat-dapat (general eligibility rules) pati na rin ang mga patakaran para sa iyong sitwasyon. Ito ang pangkalahatang mga patakaran sa pagiging karapat-dapat:

- ikaw ay may 17 taong gulang o mas matanda
- nawalan ka ng mga 8 oras o isang buong araw ng trabaho at kita dahil sa isang lockdown sa inyong estado o teritoryo at wala kang anumang angkop na karapatan sa may bayad na bakasyong kaugnay sa pandemya
- hindi ka tumatanggap ng Pandemic Leave Disaster Payment, o kabayaran mula sa estado o teritoryo para sa maliit na negosyo, Dad and Partner Pay, Parental Leave Pay o kabayaran para sa pandemya buhat sa estado o teritoryo para sa panahon ding iyon
- nakatira, nagtrabaho o namasyal ka sa isang idineklara ng Komonwelth na COVID-19 hotspot na napapailalim sa isang kautusan na pinaghihigpitan ang paglalakbay (restricted movement order)
- hindi ka nasasahuran ng karaniwan mong kita at ang iyong taga-empleyo ay hindi nakakatanggap ng Retaining Domestic Airline Capability payments para sa iyo.

Natutugunan mo ang mga pangangailangan na naninirahan o nagtatrabaho sa isang idineklara ng Komonwelt na COVID-19 hotspot kung ang mga ito ay parehong nararapat:

- nakatira o nagtatrabaho ka sa isang lugar na hindi naka-lock down
- hindi ka makakapagtrabaho dahil hindi ka maaaring makapasok o umalis sa pook na naka-lockdown.

Kung bumisita ka sa idineklara ng Komonwelt na isang COVID-19 hotspot sa natukoy na panahon at sakop ng pangalawang kautusan sa pampublikong kalusugan na nagresulta sa paghihigpit sa inyong paggalaw, maaaring ikaw din ay nararapat.

Hindi mo na kailangang matugunan ang Commonwealth-declared COVID-19 hotspot eligibility rule (patakaran sa pagiging karapat-dapat sa idineklara ng Komonwelth na COVID-19 hotspot) kapag ang dalawang ito ay parehong nalalapat:

- ang iyong estado o teritoryo ay nakaabot na ng 80% lubos na nabakunahan ng isang bakunang laban sa COVID-19
- ipinagkaloob namin ang iyong paghahabol para sa COVID-19 Disaster Payment para sa isang naaangkop na panahon na kasama ang petsa kung saan naabot ng iyong estado o teritoryo ang 80% lubos na nabakunahan para sa COVID-19.

Ang isang buong araw ng karaniwan mong trabaho ay ang naka-iskedyul mong trabaho ngunit hindi mo ito magawa dahil sa isang kautusang naghihigpit sa paggalaw. Kabilang dito ang hindi makapagtrabaho nang full time, part time o casual shift na kulang sa 8 oras.

Kung tumatanggap ka ng kabayaran mula sa Centrelink o Department of Veterans' Affairs (DVA)

Kung ikaw ay tumatanggap ng karapat-dapat na kabayaran mula sa Centrelink o DVA at natutugunan mo ang lahat ng mga patakaran sa pagiging karapat-dapat, maaari kang mag-aplay para sa COVID-19 Disaster Payment.

Kailangan mong nai-ulat sa amin ang iyong kita sa pagtatrabaho kahit isang beses man lamang sa 8 linggo bago ang iyong panahon ng paghahabol. Ang patakarang ito ay hindi tumutukoy sa iyo kung ikaw ay bulag at tumatanggap ng Age Pension o Disability Support Pension.

Kailangan mong tumatanggap ng isa sa mga sumusunod na kabayaran na suporta sa kita:

- Age Pension
- Austudy
- Carer Payment
- Disability Support Pension
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Farm Household Allowance
- Youth Allowance
- Widow Allowance
- Partner Allowance
- ABSTUDY Living Allowance
- Income support supplement sa ilalim ng Veterans' Act
- Service pension sa ilalim ng Veterans' Act
- Veteran payment sa ilalim ng Veterans' Act
- Education Allowance sa ilalim ng Veterans' Act.

Tatanggap ka ng iyong regular na kabayaran mula sa Centrelink o DVA sa karaniwang mga petsa ng iyong kabayaran. Hindi mo kailangang iulat ang COVID-19 Disaster Payment sa Centrelink bilang kinita.

Kung hindi ka tumatanggap ng kabayaran mula sa Centrelink o DVA

Kung natutugunan mo ang lahat ng mga patakaran sa pagkamarapat at hindi nakakatanggap ng isang karapat-dapat na kabayaran mula sa Centrelink o DVA, maaari kang mag-aplay para sa COVID-19 Disaster Payment.

Dapat kang isang residente ng Australya o may hawak na visa na nabibigay sa iyo ng karapatang magtrabaho sa Australya. Maaari mong tingnan ang mga detalye at kondisyon ng iyong visa, pati na ang mga karapatan na magtrabaho sa Australya sa pamamagitan ng VEVO system ng Department of Home Affairs.

Maaari kang humiling para sa COVID-19 Disaster Payment sa isang lokasyon lamang. Kung sa palagay mo na ikaw ay nararapat sa para sa higit sa isa, kailangan mong magpasya kung alin ang pinakamabuti para sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang mga lokasyon, halaga ng kabayaran at mga nauugnay na panahon, pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/covid19disasterpayment**

Kung umabot ng 70% o 80% ang bilang ng mga kumpletong nabakunahan sa iyong estado o teritoryo

Ang awtomatikong COVID-19 Disaster Payments ay ititigil kapag 70% ng mga taong may edad na 16 taon at pataas sa iyong estado o teritoryo ay kumpleto nang nabakunahan ng 2 dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19.

Kung apektado ka pa rin ng mga paghihigpit sa paglalakbay o lockdown, kailangan mong mag-reapply para sa COVID-19 Disaster Payment bawat linggo upang alam namin na ikaw ay nananatiling karapat-dapat.

Kapag 80% ng mga taong may edad na 16 taon o mas matanda sa iyong estado o teritoryo ay kumpleto nang nabakunahan ng 2 dosis ng isang bakunang laban sa COVID-19, magkakaroon ng mga pagbabago sa COVID-19 Disaster Payment.

Maaari ka lamang na mag-reapply para sa COVID-19 Disaster Payment kung ikaw ay ipinagkalooban para sa isang naaangkop na panahon na kasama ang petsa kung saan naabot ng iyong estado o teritoryo ang 80% lubos na nabakunahan.

Kung ikaw ay ipinagkalooban ng COVID-19 Disaster Payment para sa isang naaangkop na panahon na kasama ang petsa kung saan naabot ng iyong estado o teritoryo ang 80% lubos na nabakunahan, maaari kang mag-reapply para sa isang kabayaran ng hanggang sa 2 linggo pa.

Ang COVID-19 Disaster Payment ay mababawasan sa loob ng isang panahon ng hanggang sa 2 linggo.

Ang unang linggo pagkatapos makarating sa 80% kumpletong nabakunahan ang isang estado o teritoryo, ang COVID-19 Disaster Payment ay magiging isang kabayaran ng:

- $450 kung nawalan ka ng mahigit na 8 oras o isang buong araw ng trabaho at hindi ka nakakatanggap ng isang karapat-dapat na kabayarang Centrelink o Department of Veterans' Affairs (DVA)
- $100 kung nawalan ka ng mahigit na 8 oras o isang buong araw ng trabaho at ikaw ay nakakatanggap ng isang karapat-dapat na kabayarang Centrelink o DVA.

Sa ikalawang linggo pagkatapos makarating sa 80% kumpletong nabakunahan ang isang estado o teritoryo, ang COVID-19 Disaster Payment ay:

- magiging isang kabayaran ng $320 kung nawalan ka ng mahigit na 8 oras o isang buong araw ng trabaho at hindi ka nakakatanggap ng isang karapat-dapat na kabayarang Centrelink o DVA
- magtatapos kung ikaw ay nakakatanggap ng isang karapat-dapat na kabayarang Centrelink o DVA.

Pagkatapos ng panahong ito, ang COVID-19 Disaster Payments ay hindi na makukuha sa iyong lugar.

Para sa karagdagang impormasyon:

- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/covid19disasterpayment** para sa impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan maaari kang magbasa, makinig o manuod ng impormasyon sa iyong wika
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika.

Kung hindi ka na karapat-dapat para sa COVID-19 Disaster Payment, maaari mong malaman kung ano pang mga kabayaran o suporta na maaari mong makuha. Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/covid19**

Tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink. Paalala: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga numerong '13' mula sa saanman sa Australya ay sisingilin ng isang nakapirming presyo. Ang presyong iyan ay maaaring magkaiba mula sa presyo ng isang lokal na tawag at maaari ring magkaiba-iba sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa telepono. Ang mga tawag sa numerong '1800' mula sa iyong telepono sa bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mobile ay maaaring orasan at sisingilin ng mas mataas na presyo.

Pagtatatwa: Ang impormasyong ito ay tama noong ika-20 ng Oktubre 2021. Ang impormasyong taglay sa paglalathalang ito ay nilalayon bilang isang gabay lamang sa mga kabayaran at mga serbisyo. Responsibilidad mo na magpasya kung nais mong mag-aplay para sa isang kabayaran at gumawa ng isang aplikasyon, na patungkol sa iyong partikular na kalagayan.

Australian Government
Services Australia

Information about the COVID-19 Disaster Payment

This is a lump-sum payment for eligible people who lost work and income due to a state or territory COVID-19 public health order. This may involve a lockdown, hotspot or movement restrictions.

The COVID-19 Disaster Payment is not taxable.

You may be able to get the COVID-19 Disaster Payment if you meet all the general eligibility rules as well as the rules for your situation. These are the general eligibility rules:

- you're 17 years or older
- you've lost at least 8 hours or a full day of work and income due a lockdown in your state or territory and don't have any appropriate pandemic-related leave entitlements
- you aren't getting Pandemic Leave Disaster Payment, a state or territory small business payment, Dad and Partner Pay, Parental Leave Pay, or a state or territory based pandemic payment for the same period
- you lived or worked in or visited a Commonwealth-declared COVID-19 hotspot that is subject to a restricted movement order
- you're not getting your usual income and your employer is not getting Retaining Domestic Airline Capability payments on your behalf.

You meet the requirement of living or working in a Commonwealth-declared COVID-19 hotspot if both of these apply:

- you live or work in an area which isn't locked down
- you can't work because you're unable to cross into or out of the lockdown area.

If you visited a Commonwealth declared COVID-19 hotspot during the relevant period and were subject to a second public health order that results in your restricted movement, you may also be eligible.

You no longer need to meet the Commonwealth-declared COVID-19 hotspot eligibility rule when both of these apply:

- your state or territory has reached 80% fully vaccinated with a COVID-19 vaccine
- we have granted your claim for COVID-19 Disaster Payment for a relevant period which includes the date your state or territory reaches 80% fully vaccinated for COVID-19.

A full day of your usual work is what you were scheduled to work but could not because of a restricted movement order. This includes not being able to attend a full time, part time or casual shift of less than 8 hours.

If you're getting a Centrelink or Department of Veterans' Affairs (DVA) payment

If you're getting an eligible Centrelink or DVA payment and meet all the eligibility rules, you can apply for COVID-19 Disaster Payment.

You must have reported employment income to us at least once in the 8 weeks before your claiming period. This rule doesn't apply to you if you're blind and getting Age Pension or Disability Support Pension.

You must be getting one of the following income support payments:

- Age Pension
- Austudy
- Carer Payment
- Disability Support Pension
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Farm Household Allowance
- Youth Allowance
- Widow Allowance
- Partner Allowance
- ABSTUDY Living Allowance
- Income support supplement under the Veterans' Act
- Service pension under the Veterans' Act
- Veteran payment under the Veterans' Act
- Education Allowance under the Veterans' Act.

You'll get your regular Centrelink or DVA payment on your usual payment dates. You don't need to report the COVID-19 Disaster Payment as income to Centrelink.

If you're not getting a Centrelink or DVA payment

If you meet all the eligibility rules and aren't getting an eligible Centrelink or DVA payment, you can apply for COVID-19 Disaster Payment.

You must be an Australian resident or hold a visa that gives you the right to work in Australia. You can check your visa details and conditions, including your right to work in Australia, using the Department of Home Affair's VEVO system.

You can claim the COVID-19 Disaster Payment for one location only. If you think you're eligible for more than one, you need to decide which is best for you.

For more information, including locations, payment amounts and relevant periods, go to **servicesaustralia.gov.au/covid19disasterpayment**

If your state or territory reaches 70% or 80% full vaccination rates

Automatic COVID-19 Disaster Payments will stop when 70% of people aged 16 years and over in your state or territory are fully vaccinated with 2 doses of a COVID-19 vaccine.

If you are still affected by movement restrictions or lockdown, you will need to reapply for COVID-19 Disaster Payment each week so we know you remain eligible.

When 80% of people aged 16 years or older in your state or territory are fully vaccinated with 2 doses of a COVID-19 vaccine, there will be changes to COVID-19 Disaster Payment.

You can only reapply for COVID-19 Disaster Payment if you have been granted for a relevant period which includes the date your state or territory reaches 80% full vaccination.

If you have been granted COVID-19 Disaster Payment for a relevant period which includes the date your state or territory reaches 80% fully vaccinated, you can reapply for the payment for up to 2 more weeks.

The COVID-19 Disaster Payment will reduce over a period of up to 2 weeks.

The first week after a state or territory reaches 80% fully vaccinated, the COVID-19 Disaster Payment will be one payment of:

- $450 if you have lost more than 8 hours or a full day of work and you are not getting an eligible Centrelink or Department of Veterans' Affairs (DVA) payment
- $100 if you have lost more than 8 hours or a full day of work and you are getting an eligible Centrelink or DVA payment.

The second week after a state or territory reaches 80% fully vaccinated, COVID-19 Disaster Payment will:

- be one payment of $320 if you have lost more than 8 hours or a full day of work and you are not getting an eligible Centrelink or DVA payment
- end if you are getting an eligible Centrelink or DVA payment.

After this period, COVID-19 Disaster Payments will not be available in your area.

For more information:

- go to **servicesaustralia.gov.au/covid19disasterpayment** for information in English
- go to **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language.

If you are no longer eligible for COVID-19 Disaster Payment, you can find out what other payment or support you may be able to get. Go to **servicesaustralia.gov.au/covid19**

Call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services. Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

Disclaimer: This information is accurate as at 20 October 2021. The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It's your responsibility to decide if

you wish to apply for a payment and to make an application, with regard to your particular circumstances.